## A PANIMULA (Josue 1:1-3):

### ❖ SI MOISES AT JOSUE

— Sa unang kabanata ng Josue, nabanggit si Moises ng labing-isang beses, at paulit-ulit na nakikita ang kanyang pangalan sa buong aklat.

— Marami ang pagkakatulad ng dalawang lider:
(1) Nagpakita sa kanila ang Dios (Ex. 3:2-4; Josh. 5:13-14)
(2) Sinabihan silang tanggalin ang kanilang mga sapatos (Ex. 3:5; Josh. 5:15)
(3) Nangako ang Dios sa sasamahan sila (Ex. 3:12; Josh. 1:5)
(4) Nagdiwang sila ng Paglampas (Ex. 12:21-23; Josh. 5:10)
(5) Tumawid sila sa tubig sa tuyong lupa (Ex. 14:21-22; Josh. 3:14-17)
(6) Sa pamamagitan ng isa ay dumating ang manna, at sa isa naman ay nahinto ito (Ex. 16:4-5, 31; Josh. 5:11-12)
(7) Nagpadala sila ng mga tiktik sa lupain (Num. 13:1-3; Josh. 2:1)

— Bagama't nakasulat sa unang kabanata ng Josue ang paglilipat sa pagitan ng dalawang lider ng Israel, wala sa kanila ang tunay na bida ng aklat. Ang pinakamahalagang anyo ay ang Dios mismo, na ang salita ay nagbukas ng aklat, at ang nangingibabawna tema ang Kanyang pangunguna. Walang duda kung sino ang tunay na lider ng Israel.

### ❖ BALANGKAS NG AKLAT

— Ipinapahayag ng aklat ng Josue ang katugunan ng mga pangako ng Dios sa Israel nang ilabas Niya sila sa Ehipto, iyon ay, ibigay sa kanila ang Canaan. Ang pambungad (kabanata 1) at ang aklat mismo ay nahati sa apat na bahagi:
(1) TUMAWID sa Canaan →Joshua 1:1-9 →Joshua 1:1-5:12
(2) INANGKIN ang Canaan →Joshua 1:10-11 →Joshua 5:13-12:24
(3) HINATI ang lupain →Joshua 1:12-15 →Joshua 13:1-21:45
(4) NAGLINGKOD sa pagsunod sa Kautusan →Joshua 1:16-18 →Joshua 22:1-24:33

## B MISYON NI JOSUE (Josue 1:4-9):

### ❖ MANAHIN ANG MGA PANGAKO

— Sa Josue 1:3, nagsasalita ang Dios ng pangkasalukuyang hula. Tinutukoy Nya ang Canaan na parang ibinigay na ito sa Israel. Ibig sabihin nito ay binigyan sila ng lubusang kasiguruhan ng Dios sa matagumpay na pagsakop.

— Ipinaalala Niya ang mga hangganan na aabutin nila sa pagsakop (Jos. 1:4): ang makitid na lupain sa Ilog ng Jordan (silangan) at ang Dagat Mediterranea (kanluran), mula sa disyerto (timog) hanggang sa Ilog Euprates (hilaga).

— Bumaling Siya kay Josue at siniguro siya na kung malakas at matapang siya, walang sinumang makakatayo laban sa kanya (Josh. 1:5-6).

— Ngunit ang pagtatagumpay ay hindi nakasalalay sa sariling pagsisiskap ni Josue, nungit sa presensya ng Dios. Siniguro Niya siya, gaya ng paniniguro Niya sa atin: “Sasamahan ko kayo " (Josh. 1:5; Mt. 28:20).

- **LAKAS AT TAPANG**
  - Bago hilingan ng lakas at tapang  sa digmaan (Jos. 1:9), hinilingan sya ng Dios ng lakas at tapang upang sundin ang Kautusan (Josh. 1:7).
  - Ito rin ang sitwasyon ngayon. Hinihilingan tayo ng Dios na pagsikapang sundin ang Kautusan (Apoc. 14:12). Nangangailangan ito ng matinding katapangan sa atin.
  - Sa Kanyang bahagi, ipinapangako Nyang “sasamahan ka saan ka man pumunta” (Jos. 1:9), tutulungan tayo sa mga labang kinakaharap natin. Hindi labanan sa pisikal, kundi “laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan” (Efe. 6:12). Upang magawa ito, binigyan Niya tayo ng nararapat na mga sandata (Efe. 6:13-17).
  - Ang susi sa pagtatagumpay ay ang pagtitiwala ng lubos sa Dios. At para magawa ito, dapat tayong makipag-ugnay sa Kanya araw-araw (Efe. 6:18).
- **ANG TAGUMPAY NG MISYON**
  - Ang tagumpay sa banal na pananaw ay hindi tumutugma sa pananaw ng tao.
  - Ang mabilis na tagumpay sa mundong ito ay makukuha sa paglabag sa batas ng tao at ng Dios, ngunit hindi ang tunay at walanghanggang tagumpay (Josh. 1:8).
  - Magtatagumpay tayo kung susundin natin ang mga prinsipyo at katangiang ipinahayag sa Kautusan ng Dios. Ngunit hindi ba ito kaligtasan sa pamamagitan ng gawa?
  - Hindi naman. Ang pananampalataya at Kautusan ay hindi magkahiwalay, sa halip ay komokompleto sa isa’t-isa (Rom. 3:31). Kung pinag-uusapan natin ang Kautusan, pinag-uusapan natin ang paraan kung paano tayo mamuhay, hindi kung paano tayo naligtas. Ang ating relasyon sa Dios ay makikita sa ating pagsunod sa Kanyang kalooban.